# Balitang Manmin

BILANG 164 SETYEMBRE 18, 2016


# Dakilang Pagpapakita ng Kapangyarihan! Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Taong 2016

## Umapaw ang mga Tanda at Himala, Dinaluhan ng mga Taong Nagmula sa 30 mga Bansa

**Idinaos ang Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016 sa Deokyusan Resort sa Muju, probinsya ng Jeonbuk. Ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang namuno at naging tagapagsalita. Habang ito ay kasalukuyang ginaganap, ipinalabas ito sa GCN. Mahigit sa 1,200 mga bishop, pastor, at mga mananampalataya ang dumalo, sabay-sabay na isinalin ang mga mensahe sa sampung wika, Ingles, Tsino, Hapon, Ruso, Kastila, Frances, Thai, Vietnamese, at Mongolian. Kahit may mga babala tungkol sa matinding init ng panahon sa buong bansa, nagkaroon ng malamig at sariwang hangin, at napakaganda ng panahon. Dahil naranasan ng mga dumalo ang kamangha-manghang pangyayaring ito, nagkaroon sila ng mas malaking pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.**



▲ Ipinanganak na bingi si Kapatid Pangpurim, 44 taong gulang, pero habang nasa retreat, nakarinig siya. Bukod sa kanya, marami pang ibang taong nakaranas ng makapangyarihang paggaling, luminaw ang paningin, at nakapaglakad nang walang saklay at silyang may gulong.

### Ang Seminar na Umapaw sa Pagpapakita ng Kapangyarihan at Kaluwalhatian ng Diyos

Sa unang gabi, ibinahagi ng Punong Pastor Dr. Lee ang mensaheng may titulong "Glory" (Kaluwalhatian), hango ito sa Hagai 2:9. Ipinaliwanag niya ang kaluwalhatian ng Diyos na ipinapakita sa Kanyang mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos sa loob ng nakaraang 34 na taon. Sinabi niya na kung magsisisi ng lubos at taos-puso ang isang tao, mawawasak nila ang pader ng kasalanan laban sa Diyos, gagaling sila mula sa mga sakit na hindi nagagamot. Nanguna siya sa pulong na may banal na pagpapagaling, maalab niyang idinalangin ang paggaling, paglilinis ng puso, pagkakaroon ng mga biyaya sa sambahayan, lugar ng trabaho, negosyo, at pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong pamilya.

Dahil sa panalangin niya, iba't ibang klaseng karamdaman ang gumaling, kanser sa baga, sa lalamunan, sa daanan ng dumi, diabetes, apendisitis, otosclerosis, sugat sa utak, hemiparalysis, at diplegia. Sa taong ito, naibalik sa maraming tao ang linaw ng paningin, at nakakita ang iba. Gumaling ang mga karamdamang may kinalaman sa mata tulad ng katarata, glaucoma, at corneitis. Gumaling pati ang ipinanganak na bingi at nakapagsalita ng maayos ang nahihirapang magsalita.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Inihiga sa Isang Sabsaban si Jesus

"Sapagkat ipinanganak sa inyo ngayon sa lunsod ni David ang isang Tagapagligtas, na Siya ang Cristo, ang Panginoon. Ito ang magiging palatandaan ninyo: Matatagpuan ninyo ang isang sanggol na balot ng lampin at nakahiga sa isang sabsaban." (Lucas 2:11-12)

•••

Si Jesus ay nasa anyo ng Diyos, Siya ang Panginoon ng lahat ng bagay sa sansinukob, ang "Hari ng mga hari," at ang "Panginoon ng mga panginoon" (Filipos 2:6; Pahayag 19:16). Pero bakit kinailangan Niyang magkatawan tao at pumunta dito sa lupa, ipanganak sa sabsaban, at maging mahirap?

### 1. Ang Dahilan Kung Bakit Ipinanganak si Jesus sa Kulungan ng mga Hayop at Inihiga sa Isang Sabsaban

Sa Lucas 2, may isang tagpo kung saan si Birheng Maria at ang asawa niyang si Jose ay nagtungo sa Bethlehem para magpatala, at dito sa lugar na ito ipinanganak ni Maria si Jesus.

Napakaraming tao noon sa Bethlehem, puno ang lahat ng bahay-panuluyan. Walang nagawa si Maria kundi ipanganak si Jesus sa isang kulungan ng mga hayop. Dahil walang lugar na paglalapagan kay Jesus na nakabalot ng lampin, inihiga ito ni Maria sa isang sabsaban. Ito ay ayon sa kalooban ng Diyos.

Napakaraming tao noon sa Bethlehem, puno ang lahat ng bahay-panuluyan. Walang nagawa si Maria kundi ipanganak si Jesus sa isang kulungan ng mga hayop. Dahil walang lugar na paglalapagan kay Jesus na nakabalot ng lampin, inihiga ito ni Maria sa isang sabsaban. Ito ay ayon sa kalooban ng Diyos.

Sinasabi sa atin ng Eclesiastes 3:18, "Sinabi ko sa aking puso tungkol sa mga tao, na 'Sinusubok sila ng Diyos upang ipakita sa kanila na sila ay mga hayop lamang.'" Marahil, may mga nagtatanong kung bakit sinabi sa Biblia na tayo ay 'mga hayop lamang', kakaiba ang pagkukumparang ito. Pero, dahil sa kasamaan ng mga tao, nagiging mas mababa pa sila sa hayop.

Para masiyahan sila sa kasibaan sa mga materyal na yaman, hindi magdadalawang isip ang mga tao na makipag-away, maghabla, o pumatay, kahit mga miyembro ng kanilang pamilya. Noong simula, nilikha ng Diyos ang tao ayon sa mabuti at banal na wangis Niya. Pero, dahil nagkasala ang unang nilalang na si Adan, lahat ng mga inapo niya ay naging makasalanan, namatay ang mga espiritu nila. Nakalimutan na nila ang tungkulin ng tao, ginawa nila ang lahat ng klaseng pagkakasala para masiyahan ang makamundong pagnanasa at kasibaan nila.

Sinasabi sa atin ni Jesus sa Juan 6:51, "Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit. Kung ang sinuman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailanman, at ang tinapay na Aking ibibigay sa ikabubuhay ng sanlibutan ay ang Aking laman." Ang itinutukoy ng "kumain ng tinapay na bumabang galing sa langit" isinasapuso ang Salita ng Diyos.

Kung ang buhay ay natutustusan kapag kumakain, ang espiritu ay natutustusan kapag pinapakain ito ng espirituwal na pagkain. Ito ang dahilan kung bakit si Jesus – ang Salita ng Diyos – ay pumunta sa lupa sa katawang tao at naging tinapay ng buhay para sa buong sangkatauhan. Kung kakainin natin ang tinapay ng buhay na ibinigay ni Jesus, mababawi natin ang nawalang wangis ng Diyos. Para maipahayag ng Diyos sa atin ang kalooban Niyang ito, niloob Niyang ihiga si Jesus sa isang sabsaban.

Ngayon, paano tayo makakalaya mula sa buhay na parang hayop para matupad ang tungkulin bilang tao? Sinasabi sa atin ng Eclesiastes 12:13, "Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig. Matakot ka sa Diyos, at sundin mo ang Kanyang mga utos; sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao." Ang tungkulin ng tao ay pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ito ay paggawa ng mga bagay na sinasabi sa atin ng Biblia, at hindi paggawa ng mga bagay na ibinabawal ng Biblia. Pagsunod sa mga bagay na sinasabi sa atin ng Bibliang sundin, at pag-iwas sa mga bagay na sinasabi ng Bibliang iwasan.

Walang intensyon ang Diyos na pahirapan tayo. Dahil sa pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga anak, tinuturuan nila ang mga ito na gawin ang mga pangunahing tungkulin ng isang tao tulad ng pag-aaral at paglilinis ng katawan. Tulad nito, tinuturuan ng Diyos ang mga anak Niya ng iba't ibang bagay para matupad nila ang tungkulin ng tao at matutong magsulong ng pinagpalang buhay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, nais Niyang lahat ng tao ay maligtas at makapasok sa Langit.

### 2. Ang Dahilan Kung Bakit Lumaki sa Kahirapan si Jesus

Sinasabi ng Mateo 8:20, "Sinabi ni Jesus sa kanya, 'May mga lungga ang mga asong-gubat, at ang mga ibon sa himpapawid ay may mga pugad; ngunit ang Anak ng Tao ay walang mapagpahingahan ng Kanyang ulo.'" Walang itinakdang lugar para maging pahingahan si Jesus kahit ipinapahayag Niya ang ebanghelyo at pinapagaling ang napakaraming tao. Sa kabila ng napakaraming himalang ginawa Niya habang nagmiministeryo Siya, bakit Siya nabuhay sa kahirapan?

Gaya ng sinasabi sa atin ng 2 Mga Taga-Corinto 8:9, "Sapagkat nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na bagaman Siya'y mayaman, subalit alang-alang sa inyo ay naging dukha, upang sa pamamagitan ng Kanyang kadukhaan ay maging mayaman tayo," nabuhay si Jesus sa kahirapan, para maibigay sa atin ang biyayang kasaganahan.

Noong naninirahan pa si Adan sa Halamanan ng Eden, lahat ng bagay ay masagana. Hindi na niya kailangang magtrabaho nang mabigat. Pero nang magkasala siya, isinumpa ang tao at ang lahat ng bagay dito sa mundo. Matutustusan lang ni Adan ang buhay niya kung paghihirapan niya ang pagtatrabaho nang mabigat (Genesis 3:17). Dahil naging mahirap ang lahat ng tao dahil sa kasalanan ni Adan, nabuhay si Jesus sa kahirapan para matubos Niya ang sangkatauhan mula sa kahirapan.

May mga nagsasabing mali ang paghingi ng mga materyal na biyaya sa Diyos, pero makikita natin sa Biblia ang maraming halimbawa tungkol sa mga pangako Niya na bibigyan Niya tayo ng mga biyaya. Mababasa din natin ang tungkol sa mga ama ng pananampalataya tulad ni Abraham, Isaac, Jacob, at Jose na may takot sa Diyos at sumunod sa salita Niya. Nabuhay sila sa kaginhawahan at kasaganahan. Sa pamamagitan ng pagpapala sa atin ng Panginoon na tumubos sa atin mula sa kahirapan, dapat tayong makatanggap ng mga biyaya. Siyempre, hindi dapat tayong humingi ng mga biyaya na pansarili, kundi hangarin dapat natin na makatulong ang yaman natin sa pagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos tulad ng pagbibigay ng tulong sa nangangailangan, pagtulong sa gawaing pangmisyon, at pagkakaloob para sa pagpapatayo ng santuwaryo.

Gusto ng Diyos maibigay sa mga anak Niya kahit anumang hilingin ng mga ito sa Kanya nang may pananampalataya (Mateo 7:11), pero hindi lahat ng nananalangin sa Kanya na nagsasabing, "Diyos ko, bigyan po Ninyo ako ng biyaya!" ay tatanggap ng mga biyaya Niya. Halimbawa, ipinapaalala sa atin ng 3 Juan 1:2, "Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay mapabuti ka at magkaroon ng kalusugan, kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang iyong kaluluwa," para maging mabuti ang kalagayan natin sa lahat ng bagay, dapat munang sumagana ang kaluluwa natin. Pwedeng sabihing ang "mabuting kalagayan ng kaluluwa" na binabanggit dito ay tumutukoy sa pagbawi ng nawalang wangis ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita Niya.

Sinasabi din sa atin ng Deuteronomio 28:2, "At ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo at aabot sa iyo, kung iyong susundin ang tinig ng PANGINOON mong Diyos." Kahit sumusunod ang isang tao sa Salita ng Diyos, dapat siyang maghasik ng may pananampalataya para tanggapin ang mga biyaya ng Diyos. Kahit malaki ang pananampalataya ng isang tao, magkakaroon lang ng masaganang ani kung naghasik siya ng masagana. Kung bahagya lang ang paghahasik niya, bahagya din ang aanihin niya (2 Mga Taga-Corinto 9:6). Ang mga biyayang ibibigay sa inyo ng Diyos ay 'husto sa takal, siniksik, niliglig, at umaapaw.' Ibubuhos ito sa kandungan ninyo, 'higit pa sa dalawa' at kung gaano kabuti ang kalagayan ng inyong kaluluwa, babayaran Niya kayo ng tatlumpu, animnapu, at daan-daan.

Hindi lang ang halaga o dami ng inyong inihasik ang itinutukoy sa "paghahasik ng masagana". Nakatuon ang Diyos sa klase ng damdamin, pagmamahal, at pananampalataya ninyo habang naghahasik kayo. Tinatanggap Niya ang mabangong samyo ng puso ng bawat isa. Nang makita ni Jesus ang babaing balo na naghulog ng dalawang kusing sa kabang-yaman, pinapurihan Niya ito, dahil kahit mahirap, ibinigay nito ang lahat ng ikabubuhay niya. Nalulugod ang Diyos sa mabangong samyo ng ganitong klaseng kalooban at katapatan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, umaasa ako na matanto nawa ninyo ang pag-ibig at kalooban ng Diyos sa pagbibigay Niya ng Anak Niyang si Jesus sa atin, paghiga nito sa sabsaban, at pamumuhay nito sa kahirapan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo si Jesu-Cristo, tuparin ang tungkulin bilang tao, at luwalhatiin ang Diyos na sasagot sa mga hiling ninyo at magliligtas sa inyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# "Pagsunod sa Araw ng Sabbath at Pagkakaloob ng Buong Ikapu, mga Paraan para Tanggapin ang mga Biyaya"



▲ Si Diakono Samuel, ang asawa niya, Bise Presidente ng Misyon para sa mga Kalalakihan; si Diakonesa Margaret, Presidente ng Misyon para sa mga Kababaihan (kaliwa); at ang mga anak nilang kambal (nasa harapan ni Diakonesa Margaret), kasama ang ibang miyembro ng pamilya

Diakonesa Margaret Azteca, 46 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya

Masipag ako sa pagdalo sa isang iglesyang Pentecostal, pero hindi itinuro sa akin ang pagpapanatiling banal ng Araw ng Panginoon. Nag-saya ako at ang pamilya ko at nakipagkita ako sa ibang tao sa labas ng iglesya. Hindi rin maganda ang sinabi ko tungkol sa ibang tao. Hindi ko inisip na kasalanan ang ginagawa ko, akala ko, pupunta ako sa Langit.

Noong Disyembre 2007, nang dumalo ako sa Nairobi Manmin Holiness Church, natutuhan ko ang pagsunod sa Sabbath at pagkakaloob ng buong ikapu. Nalaman ko ang tungkol sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa Langit at natanto ko na para makapasok sa lunsod na ito, dapat kong tanggalin ang makasalanang likas tulad ng poot at galit, at sikaping sundin ang Salita ng Diyos. Magmula noon, nagbago na ang buhay ko.

Nagtrabaho ako sa isang kumpanyang nagpaparami at nangangalaga sa mga bubuyog (apiculture) bilang Tagapamahala ng Pagpapalago ng Kumpanya. Napakahigpit at napakatigas ng kalooban ko, binansagan akong 'Iron Woman' ng mga trabahador. Sinimulan kong baguhin ang ugali ko; nagpakumbaba ako at naghinayhinay ako sa pakikitungo sa kanila. Mas pinahalagahan ako ng kumpanya, binigyan ako ng mas mataas na posisyon bilang pangunahing tagapamahala.

Noong Mayo 2009, ipinanganak ko ang aking kambal na anak. Dahil napaaga ang pagluwal ko sa kanila, ika-pitong buwan pa lang, ang timbang nila ay 1.7kg at 1.8kg. Kinailangang ilagay muna sila sa incubator sa loob ng pitong araw, at naging sakitin sila habang lumalaki. Pinuntahan ko si Bishop Dr. Myongho Cheong para tanggapin ang panalangin. Sinabi niya sa akin, "Hindi pwedeng protektahan ng Diyos ang mga anak mo kung hindi ka magkakaloob ng ikapu." Hindi ako nagbibigay ng ikapu, ang dahilan ko ay ang mga hindi inaasahang gastos ng kambal ko sa pagpapagamot. Agad kong pinagsisihan ito, nagdesisyon ako na magkaloob kahit ano pa ang mangyari.

Nang simulan kong panatilihing banal ang Araw ng Panginoon at magkaloob ng buong ikapu, ang buong pamilya ko, lalo na ang kambal ko ay naging malusog. May proteksyon sila mula sa Diyos. Umapaw din ang mga biyaya sa negosyo ko at inilayo ako sa mga aksidente.

Noong Enero 2015, papasakay ako sa isang bus. Bigla kong naisip na may kailangan akong bilhin sa palengke. Pinalampas ko ang bus na ito, binili ko ang kailangan kong bilhin, at sumakay ako sa sumunod na bus. Habang umaandar ang bus na sinakyan ko, may mga tao sa kalye na nasaktan. Naaksidente ang bus na pinalampas ko.

Nang matutuhan ko ang tungkol sa ebanghelyo ng kabanalan, gustung-gusto ko na maibahagi ito sa mga tao sa probinsya ko (Butere, kanluran ng Kenya). Samantala, nabalitaan ko na inimbitahan ni Pastor Joseph, pastor ng iglesyang dinadaluhan ng kuya ng asawa ko, si Dr. Cheong ng Nairobi Manmin Holiness Church. Hiniling ko sa kanya na magdaos ng seminar para sa mga pastor. Nang matapos ang seminar, nais ng mga pastor na makipagtulungan sa Manmin, natutuhan nila ang ebanghelyo ng kabanalan. Hallelujah!

# "Gumaling ang Malalang Sakit Ko sa Balat"



Kapatid Miri Park, 18 taong gulang, Paaralang pang-Linggo, Manmin Central Church

Noong Disyembre 2014, pagkatapos naming magrehistro ng nanay ko sa Manmin Central Church, napuspos ako ng Banal na Espiritu. Samantala, pinanonood ko noon ang magagandang tagpo ng mga teleserye, binalewala ko ang pagiging puspos ko. Ipinagpatuloy ko ang panonood dahil nagbibigay ng kasiyahan sa akin ang mga ito. Habang pumapasok sa isipan ko ang mga makamundong bagay, nawala ang kapuspusan ko ng Espiritu, naging maligamgam ang pananampalataya ko.



Bago ipanalangin　Pagkatapos ipanalangin

Noong Oktubre 2015, nangati ang likuran ng tainga ko. Habang kinakamot ko ito, pumutok ang nana at kumalat ito sa leeg at baba ko. Ang tawag dito ay eksema (atopic dermatitis). Inisip kong layuan ang mga makamundong bagay at ibalik ang una kong pag-ibig, pero hindi ito naging madali.

Isang araw, nanaginip ako. Sa panaginip ko, binuksan ko ang computer para manood ng teleserye. Pagkatapos, may maitim na anyong lumabas mula dito at nakarinig ako ng sigaw ng isang demonyo. Nagulat ako, pinatay ko ang computer. Nagpatuloy ang panaginip ko, ibang tagpo naman ang nakita ko. May isang gwapong lalaking naglagay ng napakagandang singsing sa palad ko. Nang isuot ko ito sa daliri ko, naging itim ang makinang na singsing, pati ang mga kamay ko ay nangitim. Nang magising ako mula sa panaginip na iyon, nadama ko ang pag-ibig ng Diyos, nagkaroon ako ng lakas para layuan ang kamunduhan. Pero nagpabalikbalik pa rin ang eksema ko.

Noong Mayo 2016, napuno ng eksema ang buong mukha ko maliban na lang sa noo. Mahapdi ito, parang tinutusok ang mukha ko ng hindi mabilang na karayom. Napakakati nito, hindi ko namamalayang kinakamot ko ito kahit natutulog ako. Paggising ko, numuo ang dugo sa mga bahaging kinamot ko, naging sugat. Sinubukan kong itali ang mga kamay ko bago matulog para maiwasan ang pagkakamot.

Noong taong 2016, inimbitahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga estudyante sa bahay panalanginan. Noong Mayo 14, nagpunta doon ang mga estudyante ng high school. Masakit ang pakiramdam ko at napakakati. Pakiramdam ko, ginugupit ang mga apektadong balat. Pumunta ako sa Punong Pastor para tanggapin ang panalangin niya. Nahihiya at nalulungkot ako dahil sa kalagayan ng kutis ko. Ang mga kaibigan ko ay magaganda at nakangiti, pero ako, mapula ang balat at nagnanana, napaiyak ako. Sinabi sa akin ng Punong Pastor na tanggapin ang panalangin ng may pananampalataya.

Humanap ako ng tahimik na lugar, doon ako lumuhod para manalangin. Gusto kong gumaling agad ang eksema para maipakita sa Punong Pastor ang magandang kutis ko. Dahil sa pangyayaring ito, natanto ko na nais ng Diyos na ako ay maging kaibig-ibig na anak ng liwanag. Nadama ko ang pag-ibig Niya para sa akin. Pinagsisihan ko habang umiiyak na nawawalan ako ng lakas ng loob at madalas magreklamo. Pagkatapos kong manalangin, hindi na makati ang mukha ko. Nawala na ang masasakit.

Bago maghapunan, tinawag ako ulit ng Punong Pastor. Sinabi niya sa akin na iwaksi ko ang masamang ugali ko at nanalangin siyang muli para sa akin. Napuno ng kaligayahan at pagpapasalamat ang puso ko. Huminto ang pagnanana ng mukha ko, hindi na ito gaanong makati. Nakakatulog na ako nang mahimbing. Kapag naghihilamos ako sa umaga, natatanggal ang mga langib, napapalitan ito ng makinis at malinis na balat.

Bukod dito, sinusunod na ng tatay ko ang Araw ng Panginoon, sinabi niya noon na magsisimba siya kung pagagalingin ako ng Diyos.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na palaging nagbibigay sa akin ng mabubuting bagay. Nagpapasalamat din ako sa aking Punong Pastor na nanalangin para sa akin.



## Nagkaroon ng Napakagandang Lagay ng Panahon sa Palaro, may Lilim ng mga Ulap at Banayad na Ihip ng Hangin

Sa ikalawang araw ng Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016, idinaos ang palaro at naglaban-laban ang apat na koponan – Great Grand Parishes 1, 2, at 3 at ang mga sangay na iglesya. Katuwaang lang ang kumpetisyong ito. Mayroong 10 klaseng labanan para mapanalunan ang 21 gintong medalya: Tug of War, Balloon Rolling Race, Korean Wrestling (mga lalaki), Arm Wrestling, Relay Race, at ang pinakabagong larong idinagdag, Badminton. Para sa taong ito, ang Great Grand Parish 3 ang nakakuha ng pinakamaraming medalya, nakakuha sila ng walong gintong medalya. Ang premyo para sa Cheering ay napanalunan ng Great Grand Parish 1. Ang premyo para sa pinakamagaling na manlalaro (MVP) ay nakuha nina Diakono Daesung Kim at ni Kapatid na Jaeah Lee.

Nagsimula ang Palaro mula ika-10:00 ng umaga hanggang ika-4:00 ng hapon. Kahit noong katanghaliang tapat, pinatakpan ng Diyos ng mga ulap ang matinding sikat ng araw at humihip ang malamig na simoy ng hangin. Nagalak ang lahat sa napakagandang lagay ng panahon. Nagkaisa sa Banal na Espiritu ang lahat ng sangay ng Manmin sa loob at labas ng Korea.

## Ang Pagpapakita ng Makapangyarihang Kabutihan at Pag-ibig sa Pag-awit ng Papuri at Pagsamba sa may Camp Fire

Sa ikatlong gabi, pinangunahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang pag-awit ng papuri at pagsamba sa tabi ng camp fire. Hinikayat niya ang mga dumalo na huwag kalimutan ang pagpapala ng Diyos na nangingibabaw sa temperatura, sa mga ulap, at hangin habang may retreat. Ipinadanas Niya ang mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos. Hiniling niya silang sumulong patungo sa bagong Jerusalem, ang pinakamagandang lugar sa langit hanggang bumalik ang Panginoon. Habang pinapangunahan niya ang awitan, taos-pusong naghandog ng mga papuri ang mga dumalo at napuspos sila ng pag-ibig ng Diyos.

Namangha sila habang pinapanood ang mga pailaw na nagliwanag sa madilim na kalangitan, parang nasa piging sila sa Bagong Jerusalem, nagkaroon sila ng mas malaking pag-asa para sa Langit. Itinatak nila sa puso nila ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Nagkaroon sila ng pag-asa na maging mga bunga ng kaluwalhatian sa pamamagitan ng malaking paglago ng espiritu sa ikatlong yugto ng pagsisimula.



### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714